
# 22　Certified Public Accountant

Ang accountant ang namamahala at nag rerecord sa income at expenditures (outcome) sa pagkalkula, pag-audit ng pera. May dalawang uri ng propersyonal na accountantant. Ang una ay tinatawag na tax councellor na dalubhasa sa pagkakalkula ng buwis. At ang isa namang accountant ay nagkakalkula at nag-o-audit ng financial statement ng isang kompanya . Kapag naging isang certified public accountant, maari ding magparehistro bilang tax consultant. Maraming dayuhan ang gustong magsimula ng business sa Japan subalit namumuproblema dahil sa kakulangan sa kaalaman sa Japanese. Kung ikaw ay magiging isang sertipikadong public accountant, siguradong malaking suporta ang maibibigay mo sa mga dayuhan.

## Paano maging isang sertipikadong public accountant




（※）Walang limit sa pagkuha ng eksaminasyon.



**＜Maagang preparasyon＞**

Ang accounting ang isa sa tatlong pinakamalaking nasyonal na pagsusulit sa Japan (doctor, abogado at accountant). Isang napakahirap na eksaminasyon. Kinakailangang sanayin ang sarili na mag-aral mabuti dahil sa trabahong ito kailangan ang galing sa kalkulasyon. Maaring angkop ito sa mga taong gusto ang mathematics. Bukod dito, kinakailangan din ang mataas ng antas ng kaalaman sa batas. Makakabuti ang magkaroon ng interes sa batas.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Kung maging isang certified public accountant, maaring magtrabaho sa isang malaking business firm bilang auditor ng kompanya (pamamahala sa accounting, checker, consulting atbp). Maaring din magtayo ng sariling accounting firm. Ang average na suweldo nito ay umaabot sa mahigit 8,000,000 yen kada taon at depende sa galing sa trabaho, may mga tumaas pa ang suweldo na umabot ng mahigit sa 10,000,000 yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit sa 2,400,000 yen (4 na taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon).